Republika ng Pilipinas
Lalawigan ng Bulakan
Lungsod ng Malolos

# TANGGAPAN NG SANGGUNIANG PANLUNGSOD

HANGO SA KATITIKAN NG KARANIWANG PULONG NG SANGGUNIANG PANLUNGSOD NG MALOLOS NA GINANAP SA BULWAGANG DON RAMON G. DE LEON NG PAMAHALAANG PANLUNGSOD NOONG IKA-12 NG MARSO, 2020.

MGA DUMALO:

| | |
|---|---|
| KGG. NOEL G. PINEDA | Pang. Punong Lungsod<br>Tagapangulo |
| KGG. FRANCISCO J. CASTRO | Kasangguni |
| KGG. NINO CARLO C. BAUTISTA | " |
| KGG. KIRK LOUIS NICOLAS | " |
| KGG. MICHAEL M. AQUINO | " |
| KGG. ENRICO C. CAPULE | " |
| KGG. DENNIS D. SAN DIEGO | " |
| KGG. EMMANUEL R. SACAY | " |
| KGG. EDGARDO F. DOMINGO | " |
| KGG. LUIS ALFONSO M. ARCEGA | " |
| KGG. MIGUEL CARLOS B. SOTO | " |
| KGG. PATRICK S. DELA CRUZ | SK President |

HINDI NAKADALO:

| | |
|---|---|
| KGG. DIONISIO C. MENDOZA | ABC President |

---

KAPASIYAHANG PANLUNGSOD BLG. 39-2020

ISANG KAPASIYAHANG PANLUNGSOD NA MAGALANG NA HUMIHILING SA DEPARTMENT OF TRADE AND INDUSTRY (DTI), SA PANGUNGUNA NI IGG. RAMON LOPEZ NA MAGPALABAS NG POLISIYA, GAYA NG PAGPAPATUPAD NG PRICE FREEZE GAYUNDIN ANG PANSAMANTALANG PAGBABAWAL SA BULK PURCHASE SA MGA PRODUKTONG ALCOHOL, FACE MASK, TISSUE, VITAMIN C AT IBA PA BILANG BAHAGI NG PAGHAHANDA LABAN SA COVID-19.

PANGUNAHING MAY-AKDA: KGG. NINO CARLO C. BAUTISTA,
KAMAY-AKDA: KGG. NOEL G. PINEDA, KGG. FRANCISCO J. CASTRO, KGG. KIRK LOUIS NICOLAS, KGG. MICHAEL M. AQUINO,KGG. ENRICO C. CAPULE KGG. DENNIS D. SAN DIEGO, KGG. EMMANUEL R. SACAY, KGG. EDGARDO F. DOMINGO, KGG. LUIS ALFONSO M. ARCEGA, KGG. MIGUEL CARLOS B. SOTO, KGG. DIONISO C. MENDOZA AT KGG. PATRICK S. DELA CRUZ

SAPAGKAT, sa ilalim ng Proclamation No. 922 s. 2020 na may titulong "Declaring A STATE OF PUBLIC HEALTH EMERGENCY THROUGHOUT THE PHILIPPINES" na nilagdaan ni Lubhang Kagalang-galang na Pangulo ng Pilipinas RODRIGO ROA DUTERTE, ay inilalagay ang buong bansa sa isang Public Health Emergency bunsod ng local transmission ng Corona Virus 2019 o' mas kilala sa taguring COVID-19;

SAPAGKAT, batay sa Seksyon 15 ng Artikulo II ng Saligang Batas ng Pilipinas ng 1987 ay pangunahing gampanin ng estado ang pagprotekta at pangangalaga sa kalusugan ng bawat Pilipino;

SAPAGKAT, alinsunod sa Seksyon 7 ng Batas Republika Blg. 11332 ay may kapangyarihan ang Pangulo ng Republika ng Pilipinas na magdeklara ng 'STATE OF PUBLIC EMERGENCY' lalo na sa panahon ng pagkalat ng sakit gaya ng COVID-19;

SAPAGKAT, itinatadhana ng Batas Republika Blg. 7581 o' mas kilala sa taguring "THE PRICE ACT of 1992" na may kapangyarihan ang Department of Trade and Industry (DTI) na magpatupad ng "Automatic Price Control" (Sec. 6) sa mga produkto sa panahon ng pagdedeklara ng "STATE OF EMERGENCY";

SAPAGKAT, batay pa din sa Seksyon 7 ng kaparehong batas ay minamandato ang pagsunod sa "Mandated Price Ceiling" sa mga produktong sakop ng deklarasyon;

SAPAGKAT, bunsod ng kompirmadong local transmission ng Corona Virus o COVID-19 sa bansa ay naglabas ang Kagawaran ng Kalusugan (DOH) ng direktiba sa bawat Pamahalaang Lokal (LGU) na magbalangkas ng mga hakbangin at polisiya upang malabanan ang pagkalat ng COVID-19 sa bawat lokalidad;

KGG. PATRICK S. DELA CRUZ, KASANGGUNI
KGG. DIONISIO C. MENDOZA, KASANGGUNI
KGG. MIGUEL CARLOS B. SOTO, KASANGGUNI
KGG. LUIS ALFONSO M. ARCEGA, KASANGGUNI
KGG. EDGARDO F. DOMINGO, KASANGGUNI
KGG. EMMANUEL R. SACAY, KASANGGUNI
KGG. DENNIS D. SAN DIEGO, KASANGGUNI

KGG. NOEL G. PINEDA
PANGALAWANG PUNONG LUNGSOD

KGG. FRANCISCO J. CASTRO, KASANGGUNI
KGG. NINO CARLO C. BAUTISTA, KASANGGUNI
KGG. KIRK LOUIS NICOLAS, KASANGGUNI
KGG. MICHAEL M. AQUINO, KASANGGUNI
KGG. ENRICO C. CAPULE, KASANGGUNI

SAPAGKAT, bahagi ng polisiya ang pagtuturo at paghikayat sa bawat mamamayan ang palagiang paghuhugas at paglilinis ng kamay gamit ang sabon at alcohol, gayundin ang paggamit ng face mask at pagpapalakas ng resistensiya (immune system) sa pamamagitan ng pagkain ng tama, pag-ehersisyo at pag-inom ng Vitamin C;

SAPAGKAT, dahil sa malawakang pangangailangan sa mga produktong nabanggit ay nagkakaroon ng "shortage" sa mga pamilihan bunsod ng bulk purchases gayundin ang paglabis sa SRP o' Suggested Retail Price nito na labag sa batas;

SAPAGKAT, batay sa Seksyon 16 ng R.A. 7160 kilala sa Taguring Local Government Code of 1991, na tungkulin ng Pamahalaang Lokal na isulong ang kagalingang panlahat;

IPINASIYA, gaya ng dito ay ginagawang pagpapasiya na magalang na hilingin sa Department of Trade and Industry (DTI) sa pangunguna ni Igg. Ramon Lopez na magpalabas ng polisiya, gaya ng pagpapatupad ng price freeze gayundin ang pansamantalang pagbabawal sa bulk purchase sa mga produktong alcohol, face mask, tissue, Vitamin C at iba pa bilang bahagi ng paghahanda sa COVID-19.

PINAGTIBAY.

**KGG. FRANCISCO J. CASTRO**
KASANGGUNI

**KGG. NINO CARLO C. BAUTISTA**
KASANGGUNI

**KGG. KIRK LOUIS NICOLAS**
KASANGGUNI

**KGG. MICHAEL M. AQUINO**
KASANGGUNI

**KGG. ENRICO C. CAPULE**
KASANGGUNI

**KGG. DENNIS D. SAN DIEGO**
KASANGGUNI

**KGG. EMMANUEL R. SACAY**
KASANGGUNI

**KGG. EDGARDO F. DOMINGO**
KASANGGUNI

**KGG. LUIS ALFONSO M. ARCEGA**
KASANGGUNI

**KGG. MIGUEL CARLOS B. SOTO**
KASANGGUNI

**KGG. DIONISIO C. MENDOZA**
KASANGGUNI - ABC President

**KGG. PATRICK S. DELA CRUZ**
KASANGGUNI - SK President

PINATUTUNAYAN ko ang kawastuan ng Kapasiyahang Panlungsod na binabanggit sa dakong itaas nito.

**CRISTINA R. GUTIERREZ, EnP**
Kalihim ng Sangguniang Panlungsod

**PINATUTUNAYAN:**

**KGG. NOEL G. PINEDA**
PANG. PUNONG LUNGSOD - Tagapangulo

*hindi nakadalo

DhorieTrogo(SDC2)*03122020